




Si Kapitan.

Ibinoto mo sya nung nakaraang eleksyon dahil siya'y ninong ng anak mo at malayong pinsan ng iyong asawa. Marahil pinangakuan ka rin niya ng trabaho dahil malapit daw siya kay meyor. Laking pasalamat niya nung siya'y nanalo at nagpainom pa nga sa barkada dahil sa wakas mayroon na siyang pagkakakitaan dahil wala naman siyang ibang trabaho. Madaling lapitan si kumpare, lalo na kung may kapalit na pabor. Kung may kailangan ka, i-text mo lang ang kanyang barangay staff at siguradong makakarating dahil sila'y magkakamag-anak.

Pero naayos kaya ang barangay road? May nagpa-patrol ba sa gabi? Kumusta naman ang drug situation sa inyong lugar? Malinis ba ang kapaligiran?

Siya na ba talaga ang pinaka-karapat-dapat?

PAG-ISIPANG MABUTI.

Isang paalaala mula sa **NAMFREL** para sa
2010 Barangay at Sangguniang Kabataan (SK) Elections



Si Kapitan.

Ibinoto mo sya nung nakaraang eleksyon dahil siya'y ninong ng anak mo at malayong pinsan ng iyong asawa. Marahil pinangakuan ka rin niya ng trabaho dahil malapit daw siya kay meyor. Laking pasalamat niya nung siya'y nanalo at nagpainom pa nga sa barkada dahil sa wakas mayroon na siyang pagkakakitaan dahil wala naman siyang ibang trabaho. Madaling lapitan si kumpare, lalo na kung may kapalit na pabor. Kung may kailangan ka, i-text mo lang ang kanyang barangay staff at siguradong makakarating dahil sila'y magkakamag-anak.

Pero naayos kaya ang barangay road? May nagpa-patrol ba sa gabi? Kumusta naman ang drug situation sa inyong lugar? Malinis ba ang kapaligiran?

Siya na ba talaga ang pinaka-karapat-dapat?

PAG-ISIPANG MABUTI.

Isang paalaala mula sa **NAMFREL** para sa
2010 Barangay at Sangguniang Kabataan (SK) Elections



MGA DAPAT TANDAAN:

1. Ang botohan at bilangan para sa 2010 Barangay at SK Election sa Oktubre 25 ay **MANUAL**. Ang ibig sabihin po'y isusulat isa-isa sa balota ang mga pangalan ng nais iboto.
2. Alamin kung saan ang inyong presinto bago pa man dumating ang araw ng eleksyon.
3. Bumoto ng maaga. Magsisimula ang botohan ng **alas-7 ng umaga**, at matatapos ng **alas-3 ng hapon**. Inaasahang marami ang botante sa bawat presinto dahil sa clustering ng precincts at sa pagdagdag ng SK voters. Pumila ng maayos.
4. Isulat ng malinaw ang **kumpleto at totoong pangalan** ng mga napiling kandidato. Iwasang magkamali o magbura, at ingatang huwag magkarumi ang balota.
5. Panatiliing sikreto ang pagboto. Gawin ito nang mag-isa, at huwag ipakita ang balota sa katabi.
5. Pagkaboto, huwag subukang tanggalin ang indelible ink sa daliri. **Tanda ito ng pagiging isang mabuting mamamayan.**
6. **Bantayan** ang bilangan. Kung maari ay mag-volunteer na election watcher. Magdala ng flashlight o kandila kung sakaling mag-brownout. Magmanman sa paligid. Huwag hayaang guluhin ninuman ang eleksyon dahil **ang pagboto ay sagrado**.

Dayaan? Iregularidad? Ibigay sa amin ang detalye sa www.namfrel.org.ph. Puwedeng mag-attach ng mga litrato, video, at dokumentong pagpapatunay.



National Citizens' Movement for Free Elections
Unit 601 DMG Center, Libertad cor. Calbayog St., Mandaluyong City
T - 02.4847590 / M - 0927.9611524 / 0919.3389344
www.namfrel.org.ph
bantayngbayan@namfrel.com.ph

MGA DAPAT TANDAAN:

1. Ang botohan at bilangan para sa 2010 Barangay at SK Election sa Oktubre 25 ay **MANUAL**. Ang ibig sabihin po'y isusulat isa-isa sa balota ang mga pangalan ng nais iboto.
2. Alamin kung saan ang inyong presinto bago pa man dumating ang araw ng eleksyon.
3. Bumoto ng maaga. Magsisimula ang botohan ng **alas-7 ng umaga**, at matatapos ng **alas-3 ng hapon**. Inaasahang marami ang botante sa bawat presinto dahil sa clustering ng precincts at sa pagdagdag ng SK voters. Pumila ng maayos.
4. Isulat ng malinaw ang **kumpleto at totoong pangalan** ng mga napiling kandidato. Iwasang magkamali o magbura, at ingatang huwag magkarumi ang balota.
5. Panatiliing sikreto ang pagboto. Gawin ito nang mag-isa, at huwag ipakita ang balota sa katabi.
5. Pagkaboto, huwag subukang tanggalin ang indelible ink sa daliri. **Tanda ito ng pagiging isang mabuting mamamayan.**
6. **Bantayan** ang bilangan. Kung maari ay mag-volunteer na election watcher. Magdala ng flashlight o kandila kung sakaling mag-brownout. Magmanman sa paligid. Huwag hayaang guluhin ninuman ang eleksyon dahil **ang pagboto ay sagrado**.

Dayaan? Iregularidad? Ibigay sa amin ang detalye sa www.namfrel.org.ph. Puwedeng mag-attach ng mga litrato, video, at dokumentong pagpapatunay.



National Citizens' Movement for Free Elections
Unit 601 DMG Center, Libertad cor. Calbayog St., Mandaluyong City
T - 02.4847590 / M - 0927.9611524 / 0919.3389344
www.namfrel.org.ph
bantayngbayan@namfrel.com.ph